For instance, Virgilio Garcillano, Comelec commissioner in 2004, was implicated in rigging the election results for Gloria Arroyo. In 2008, Benjamin Abalos, former Comelec chairman, allegedly helped in the negotiations for the anomalous ZTE Broadband deal along with Gloria and Mike Arroyo. The president's selection and appointment of the seven commissioners is also hounded with suspicions, as only two of them have conducted national elections.

The people's right to vote is further violated as numerous cases of electoral violence are unresolved. In 2007, 224 incidents of election-related violence occurred,

according to the Institute for Political and Electoral Reform. Fraudulent acts such as vote-buying and candidate violations of the election code are also often not investigated.

"We are not aware of anyone who has successfully been prosecuted," says Atty. Carlos

partylists claimed that Comelec used "double standards," calling the decision unjust.

The Comelec received more criticism as it disenfranchised seven million new voters for setting the deadline of voters' registration to October 31, instead of 120 days prior to the elections as prescribed in the Voters Registration Act of 1996.

As such, Kabataan Partylist (KPL) filed a petition for the extension of voters' registration to January 9, which was upheld by the Supreme Court. The extended registration, however, was held for only five days

because the Comelec insisted that the rest of the days be allotted for preparations related to registration.

Furthermore, the shortened extension period was not maximized to accommodate as many

whether or not the machine has registered his choice."

Moreover, critics of the automated elections speculate that numerous forms of cheating could surface during election period. For one, the computers receiving the election returns might be stolen during the transmission. Security keys provided to operate the PCOS machines can also be subjected to tampering. Finally, failure of elections could result in areas where election results fail to reach the designated computers because of clogged transmission lines.

Aside from the technical preparations, the voting population has to be oriented on the automated elections, something which the Comelec has not yet conducted. Orientations are necessary as not all the voters are familiar with the PCOS machines. Indeed, more preparations such as the printing of ballots, training of Comelec officers and conducting more field tests are yet to be done.

Four months are left before election day. The Comelec's unjust policies and flawed

preparations for the 2010 elections and its unresolved string of scandals in the previous years show the institution's failure in fulfilling its mandate as protector of the ballot. Its insistence to hold automated elections under loose preparations shows that for the sake of the speedy counting of election returns, it is willing to sacrifice the people's right to

vote. □

ily relocated to Tacurong City, Sultan Kudarat, where his father worked as a driver, and where the Momay family has resided ever since.

Mild-mannered yet adventurous, Bebot was the constant crowd favorite, even in adulthood. "Lahat halos close kay Papa," says Reynafe. "Siya ang buhay ng grupo, ng pamilya." Reynafe shares that even though her parents have long been separated, her father has never forgotten their birthdays, and would always make it a point to call.

"Hindi siya perfect father, maraming siyang pagkukulang... iniwan niya kami ni Mama, hindi rin siya ang nagpalaki sa akin," says Reynafe. "Pero marunong siya magpakumbaba. Alam niyang nagkulang siya."

Over the years, after investing

ans were crucial in securing the contentious votes needed for Arroyo to win the 2004 elections. In exchange, the Ampatuan's have seen a phenomenal rise to power, residing in luxury amidst an environment of poverty, and having amassed caches of firearms and a private army—seemingly under Malacanang's nose.

As long as the hold of political clans remains unbroken, the vicious cycle of violence in the country will continue, with more people like Bebot and his family caught in the crossfire. Though the events of November 23


have since passed, it must never be forgotten, especially since the justice befitting such brutality has yet to be realized. Ultimately, it is through the people's unwaivering resolve that democracy can be reclaimed from the sordid clutches of political dynasties. □

iyak ako sa awa o magagalit dahil sa kasamaan ng sistema."

On November 25, while continuing their search, Reynafe received a lead that Bebot's body had been identified by one of his media friends in Tacurong City. The discovery proved to be a false alarm, however, as the corpse had no dentures—Reynafe's identifying marker for her father.

"Sa sandaling 'yun, nawalan na ako ng lakas," says Reynafe. "Halos nagwawala na ang mga pinsan ko... pero hangga't 'di ko pa nakikita si Papa, ayokong umiyak." Minutes later, a crew from Mindanao news channel UNTV claimed the cadaver as their own, and mentioned that they had almost taken a similar-looking corpse in Koronadal —if not for the dentures present.

Encouraged by the new lead, the search party returned to Koronadal, where Dr. Dean Cabrera—forensic expert of the





Trip mo bang magliwaliw? Hindi ka ba pinatatahimik ng makati mong mga paa? May nunal ka ba sa talampakan? Tara at sumama sa kakaibang biyahe. Sa isang iglap, mararating mo mula Luzon hanggang Mindanao. Paalala: Hindi problema kahit walang pera. Walang tiket, basta't kami ang iyong kasama.

Pumapatak ang huling mga sandali ng taong 2009. Paunti-unti ngunit walang patid ang pag-ungos ng mga kwitis sa kalangitan. Ganito ang eksena sa kalunsuran tuwing sinasalubong ang bagong taon—sinasabuyan ng ilaw at kulay ng paputok ang hatinggabi. Tila 'di na ito mawawala sa kulturang Pilipino. Ayon sa mga Tsino na unang nakagawa ng pulbura para sa paputok, swerte ito sa pagtaboy ng mga masasamang ispiritu at kamalasan upang 'di makapasok sa bagong taon.

Patok na mga paputok

Sa pagpasok ng Disyembre, mas nagiging abala ang komersiyo ng Santa Maria sa probinsiya ng Bulacan. Dito ginagawa ang mga paputok tulad ng kwitis, five-star, fountain at lusing, na ibinebenta sa iba pang bayan sa Bulacan at maging sa labas ng probinsiya.

Mahigit 70 taon na ang industriya ng paputok sa bayan ng Santa Maria. Taong 1938 nang magbukas dito ang Santa Ana Fireworks, isa sa mga unang pagawaan ng paputok sa Pilipinas. Nang magsara ang pabrika matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig, tila kabuteng nagsulputan ang ibang mga pagawaan sa mga karatig bayan tulad ng Norzagaray, San Rafael, San Ildefonso, Angat, Bocaue at Baliuag.

Kung hindi yero, tolda ang nagsisilbing bu-bong ng mga maliliit na pagawaan. Itinayo gamit ang mga posteng kawayan, walang mga pader at lupa lamang ang sahig ng mga ito. Bukod dito, mayroon ding mga bahay-gawaan -- tipikal na bahay ang itsura ngunit puro manggagawa, sangkap at materyales sa paggawa ng paputok ang makikita sa loob.

Sa mga pagawaan, nakahilera ang mga lamesa at upuan para sa mga manggagawa. Kung hindi kwitis, five-star ang karaniwang ginagawa sapagkat ito ang pinakamabenta. Maliban sa mga menor-de-edad, maaaring magtrabaho ang sino man na nangangailangan ng kita. Gayunman, laging may naka-ambang panganib sa araw-araw na hanap-buhay ng mga gumagawa ng paputok.

Sapagkat walang pader ang mga pagawaan, bukas ang mga maseselang materyales nito sa hangin, ulan, at init ng araw. Malaking saku-

na ang maidudulot ng padaskol na pagpitik ng upos ng sigarilyo sa pagawaan. Maaari ring matangay ng hangin ang pulbura at masinghot ng mga tao sa paligid. Sa kabila ng mga ito, tila hindi alintana ng mga manggagawa ang mga posibleng sakunang dulot ng kanilang hanap-buhay.

Nailalagay din sa panganib ang mga kapitbahay ng mga pagawaan. Subalit, dahil mataagal nang naitatag ang katanyagan ng Bulacan sa paggawa ng paputok at marami sa mga taga rito ang umaasa sa trabahong naibibigay ng industriya, kinasanayan na lang nila ang ganitong kalakaran.

Eksenang five-star

Karaniwang paputok na five-star ang ginagawa sa Santa Maria sapagkat ito umano ang pinakamabenta. Sa Malabon kinukuha ang mga sangkap sa pulbura na inaangkat mula sa ibangbansa gaya ng Inglatera at

Tsina.

Isa na rito ang *colorato*, na gamit din sa paggawa ng dinamita. Kabilang din ang devil o pinulbos na uling at sulfur na ipinagsasama upang magkaroon ng malakas na pagputok at usok ang five-star. Aluminum powder naman ang inihalalo upang magbuklod ang mga sangkap ng paputok.

Handa na ang pulbura. Nakahanda na sa mga lamesa ng mga manggagawa ang iba pang materyales. Kabilang dito ang tupi na tila matigas at makapal na manila paper na pinaglalagyan ng pulbura.

Nakabukod ang mga manggagawang nag-aasikaso nito. Sa bawat 100-piraso ng tupi

Sapagkat marami sa mga taga rito ang umaasa sa trabahong naibibigay ng industriya, kinasanayan na lang nila ang ganitong kalakaran



MITSITA

na magagawa, piso ang bayad. Kapag nilagyan na ng pulbura at mitsa ang tupi, isasarado naman ang lahat ng awang nito gamit ang pandikit.

Tila makina ang bilis ng kamay ng mga nagmamadaling manggagawa. Sampung piso ang bayad sa 1000 pirasong five-star na matatapos. Wala silang suot na uniporme maliban sa pulburang nakabalot sa kanilang kamay at damit. Nagmamadali rin ang mga may-ari ng pagawaan sa pakikipag-agawan sa ibang pabrika para sa mga maminili. Hinahabol din nila ang mga araw dahil mataas na buwis ang kailangan bayaran para sa patuloy na pagtakbo ng kanilang pagawaan.

Mataas na buwis din ang dahilan kung bakit maraming ilegal na pagawaan ang hindi nagbabayad nito. Bagaman patung-patong ang pangamba sa paggawa ng paputok, ito na ang

hanap-buhay na kinamulan ng mga taga-rito na tiyak na pwedeng pagkakitaan.

Halaga ng panganib

Isa si Aling Beth* sa mga stay-in na gumagawa ng paputok sa isang pagawaan. Mahigit isang dekada na rin siya sa trabahong ito, at nakailang lipat na rin siya ng pagawaan. Minsan nang naaksidente sa trabaho si Aling Beth, kung saan sumabog ang mga nagawa na nilang paputok. Nagtamo siya at iba pa niyang mga kasamahan ng mga sugat mula sa pagkasunog sa iba't ibang parte ng katawan.

Sa kabila ng aksidente, hindi na nakaalis si Aling Beth at ang kanyang asawa sa trabahong ito. Kahit peligroso, napagtapos nila ng kolehiyo ang apat na anak. Ngunit, ani Aling Beth, kahit sa legal na pagawan ng paputok siya namamasukan, hindi siya magdadalang isip na lumipat kung mabibigyan ng ibang mas ligtas na pagkakakitaan.

Tuwig bagong taon, pinakikinggan na lamang ni Aling Beth ang pagpapaputok ng kapitbahay. Bawas pa kasi sa kita niya kung magpapaputok din siya.

Ilang linggo makalipas ang unang araw ng 2010, muling mag-uumpisa ang paggawa ng paputok sa Santa Maria. Muling babalik ang presyuhan ng paputok sa normal at mag-sisimula nang mag-imbak ng paputok ang mga malalaking negosyante para sa susunod na bagong taon. Sa panahong ito, ipinagdarasal na lamang ni Aling Beth na maging ligtas siya sa muling pagbalik sa pagawaan.

Habang nananatili ang pagkahumaling ng marami sa mga naglalarong ilaw at dumagundong na pagsabog ng mga paputok, magpatuloy din ang nagmamadaling mga buhay sa loob ng mga pagawaan dito sa Santa Maria. □

*hindi tunay na pangalan.

SA KABILANG DULO NG
ARTICLE: Lee JACOB FABONAN - PHOTOS: CHRIS IMPERIAL - PAGE DESIGN: BIANCA BOMJIBOD

SCIENCE FAIR

OM NARAYAN A. VELASCO

I am a fan of physics. Though my grades in high school will tell you otherwise, I've always been keen on learning new knowledge which can explain to me how the universe works, and stumbling upon new discoveries and theories which suggest possibilities that challenge our present notion of time and space.

This semester, I enrolled in a physics appreciation class as one of my last MST GE requirement. Our classes have been fascinating, as we tackled topics like gravity, motion, and light. Numbers and equations have never dictated our class discussions as experiments and demonstrations shown in the videos or done by our own professor constantly kept the whole class attentive and absorbed. I recalled my high school days and wished I had a physics class that was as fun and as interesting.

Last week, our professor said something that struck me and made me ponder on his statement's veracity and implications. He said, that the most genius of physicists do not think of the relevance or practical application of their discoveries, and that in essence, they are just interested in explaining the very nature of the object or phenomenon that they are working on.

I understood it as almost something short of saying that the best physicists are detached

from their society, isolated, and only engrossed with their own experiments and theories, all for the name of science. It was as if Newton, for example, formulated his laws of gravity unmindful of its impact on how it can redefine our understanding of the universe, and Faraday observed and studied electromagnetism oblivious of its possible implications in the future.

That postulation was something hard for me to believe. If physicists or scientists should

BUT LIKE ANYTHING ELSE IN THE UNIVERSE, SCIENTISTS CANNOT JUST EXIST IN A VACUUM. IT IS APPARENT IN ANY LAW IN PHYSICS THAT EVERYTHING IN THE UNIVERSE IS CONNECTED, AND THUS, THEY INEXTRICABLY AFFECT OTHER THINGS AROUND THEM

be good at anything, one of it should be being observant and perceptive of his surroundings. And this is not just applicable to a limited observation about an isolated object or even other matters related to each of their own scientific processes.

This debate about science's purported objectivity has long been debated endlessly and has caused a rift between scientific groups. It is also a myth echoed in other disciplines like journalism and economics, and constantly claimed by the academe which sees itself

standing on top of the ivory tower.

But like anything else in the universe, scientists cannot just exist in a vacuum. It is apparent in any law in physics that everything in the universe is connected, and thus, they inextricably affect other things around them.

Even Albert Einstein, considered to be the epitome of genius and brilliance in physics, understood this. He understood that his own existence, his "inner and outer life are based on labors of other men" and that he must exert

himself "in order to give in the same measure as [he has] received and [still receiving]." With egalitarian objectives in mind, he vocally espoused socialism, believing that the current system is "crippling" and "evil."

Indeed, aside from a brain that can formulate equations and understand things through numbers and science, one must possess an insight of relativity to his society, a desire to elevate his fellow man to a place free of suffering and injustice. This is the mark of a true physicist or scientist of the highest caliber. □

ELECTION FEVER

GAEL GARCIA M. BURNAL

Sa wakas, isa na akong botante. Matapos ang pitong oras ng nakakabagot, nakakagutom, at nakakayamot na pagpila sa cityhall at pakikipagtagal sa mga taga-comelec upang di macut-off ang pila, sa huli ay matagumpay akong nakapagbiometrics at nakapagregister ng thumbprints upang maging ganap na botante.

Kukulangin sa isang buwan bago ang opisyal na simula ng kampanya at apat na buwan bago ang mismong eleksyon. Unti-unti na namang napupuno ang mga kalye't mga highway

ingini na rin ang tenga ng mga iilan sa paulit-ulit na jingle ng mga kandidato sa telebisyon at radyo na minsan ay di ko namamalayang nakakabisado ko na, at kinakanta pa habang naglalakad sa kung saan.

Ito ang kultura ng eleksyon sa bansa. At hindi na ito bago. Nakakatawang isipin na bukambibig ng maraming kandidato ang 'pagbabago' sa panahong ito, isang makapangyarihang salita na halaw sa kampanya ng pangulo ng Estados Unidos na makalipas lamang ng

sa pagkakongresista. Ikatlo, isang kandidatong bitbit ang pangalan ng kaniyang tanyag na mga magulang bago ang kaniyang mga plataporma. Ito ang mga bagong eksena sa darating na eleksyon na sa aktwal ay magsisilbi lamang sa pagpapanatili ng isang lumang sistema ng pamamahaling kinatatampukan ng korupsiyon, panunupil at tiraniya.

Ang tunay na pagbabago ay pagbabagong nagsisilbi sa interes ng kalakhan ng mamamayan. Pagbabagong kinatatampukan ng pagsusulong ng karapatan ng mamamayan sa edukasyon, tunay na repormang agraryo, pambansang industriyalisasyon, disentang kabuhayan, trabaho, tirahan, at hustisyang panlipunan. Bagamat iilan, may mga grupo o partido at mga personalidad na nagsusulong ng gantong uri ng pagbabago. At agenda ng mamamayan na suportahan at ipagtagumpay ang mga makabayang kandidatong ito kapalit ng pagtagal ng kasalukuyang pangulo higit sa deadline niya sa pwesto sa ika-30 ng Hunyo.

Umaasa akong hindi masasayang ang boto ko at ng milyun-miyong kabaataan sa darating na eleksyon. Panata kong babantayan ang boto ko at ang boto ng mamamayang Pilipino para sa ganap at tunay na panlipunang pagbabago. □

ilang buwan ay napatunayan namang walang ipinagkaiba sa pinalitan nitong 'warfreak president'.

Ngunit totoo pa ring maraming bago sa darating na eleksyon. Una na ang automated elections na maging hanggang sa ngayon ay wala pa ring katiyakan at maaaring humantong sa failure of elections. Ikalawa, ang isang pangulong desperadong makatakas sa pang-uusig ng mamamayan kaya tatakbo na lamang para

proklamasyon ang Zone C sa Pook Ricarte.

Ngunit noong Hulyo 2008, napagpasyahan ng DPWH na ipatupad muli ang naunang plano, kung saan gagamitin ang ilang bahagi ng Pook Ricarte, kabilang ang Zone C.

Sa pagpapatupad ng naunang plano, makatitipid umano ng P650 milyon na mapupunta sana sa relokasyon ng halos 600 apektadong pamilya sa Ripada at pagpapatayo ng mga gusali sa UP na matatamaan ng paggawa ng kalsada, ani dating DPWH Secretary Hermogenes Ebdane sa isang pahayag.

Bagaman hindi kasama sa SARO, nararapat ding magamit ng mga residente ng Zone C ang pondo sapagkat maraming pamilya ang apektado ng demolisyon, ani Gaan.

Nararapat naman umanong magpaubaya ang

ITO ANG MGA BAGONG EKSENA SA DARATING NA ELEKSYON NA SA AKTUAL AY MAGSISILBI LAMANG SA PAGPAPANATILI NG ISANG LUMANG SISTEMA

ng mga naglalakihang pangalan at ng mga bago at lumang mukhang may scripted na mga ngiti. Mga ngiting bumabati at muling nanganagako sa sinumang mamamayang titingin dito. Ngunit katulad ng isang new year's resolution na di matupad-tupad, o di kaya'y wishlist na di makuha-kuha dahil sa krisis, ang mga pangakong ito'y nananatiling slogang nakadikit na lamang sa pader o kaya'y sa lumang tarp na nakasabit sa isang kable ng kuryente. Nabib-

Demolisyon... mula pg 4

Aniya, kailangan munang i-"realign" ang SARO upang magamit, sapagkat nagkaroon ng pagbabago sa plano kung saan hindi kasama ang mga taga-Zone C sa makikinabang sa SARO.

Sa orihinal na plano ng DPWH, gagamitin sa pagpapalawak ng C-5 ang ilang bahagi ng Pook Ricarte, malaking bahagi ng Brgy. Matandang Balara at ilang daang metro-kwadrado sa loob ng Capitol Hills Golf and Country Club.

Binago ang plano noong 2007 matapos piling sundin ang Proclamation 1395, na nagsasaad na matatamaan ng pagsasaayos ng daan ang ilang bahagi ng UP na kinabibilangan ng Pook Ricarte, Pook Palaris at Pook Dagohoy (Ripada). Hindi kasama sa



Send in your opinions and feedback via SMS! Type: KULE <space> YOUR MESSAGE <space> STUDENT NUMBER

(required), NAME and COURSE (optional) and send to 0927.300.5121. Non-UP students must indicate any school, organizational or sectoral affiliation. WARNING: We don't entertain textmates.

PAANO KA MAAPEKTUHAN NG PAG-EXTEND NG VOTER'S REGISTRATION?

about the extension of comelec registration, i think its no longer necessary, kaya hindi umuunlad ang pilipinas, dahil sa mga procrastinator, 10months of reg period is enough, pero inintay pa nilang humaba ang pila bagomagregister, for sure ngayon, most people will go to comelec by jan. 8, jaque eroles, may karapatan ang kabataan pero may responsibilidad din sila, remember that. BS IE, 08-03977

no effect. maaga kasi akong nagregister. Tamad ang 4 million na di nagregister. pero tama ang ginawa ng sc. Comelec is supposed to be the vanguard of direct democracy pero parang sila na ang nagdedesisyon kung sino mananalayon disenfranchising voters ang candidates. our presidential elections are direct democratic compared to the US's electoral college be proud! 2009-29298 KING ENGG

d ako apektado sa extension ng voters reg, ang apektado ang buwis ng mga taxpayers dhil masasayang lng ang naimprintang voters lists dhil ggwa na nman ng bago. Sayang ang nagastos dun. Badtrpl 99-47119

ANO ANG GAGAWIN MO SA CHRISTMAS BREAK?

sa drtng n xmas break, magchecheck ag ng mga xam ng mga as2dynte q at mgrersearch 98-66648

Christmas break? meron b? kng meron man, DAPAT maligo ag sa umuulang 8 formal repOrts ng majOrs at Oral presentatOrns. DAPAT din magswimming aquo sa mga libro, readings, lectures para sa 4 na exams ang saya db? pro mgwa q kaya ang lhat ng mga DAPAT nay an? Well, sisikapin q since wlan nman aqng perang panggala, sa bhay nlng aq at pliting maligo sa mga DAPAT na itO. 07-16149. BSFoodTech

ngaung pasko, mg "beach" s ppuntang math bldg n batis/lawa, k2lad ng 1 ate na nkta nming kiligo lng ata at naglalakad2 dun. taob ang oblation run! 05-3111

anOng xmas break? Wla n akong gnun! Tadtad kya kami ng cases, research, exams... nakakainis! Hbang ngpuputukan ng dec31 nagaaral pa rin ako... -0631599 BAA

COMMENTS

pkidag2an nmn ung space pra dun s mga comments, sagot s mga kule questions, at sagutan portion. dati half page ang ina-allot nyo 4 ds pero ngaun isang kolum nlng. i2 p nmn ung pinakaabangan q s kule. tas anong nangyari s eksenanang peyups?? bkit ang STRAIGHT n ng pgkasulat ng? ala nb c ATE GAY writer? I miss u n bakla! 09-69174 bart bsba

HUWAT?!? Tapos nab a ang seryeng "No Way But UP"? Hindi maaari! Ibalik! 07-78697

Ang ganda ng lahat ng illustrations sa dec. 17, 09 editorial cartoon. :} 08-62145, char BA BC

gus2 q lng mgcoment kht i8 n abt sa pe shirt d q lng mkta ung sense, sv nla for security purposes, para rn dw ung mga up s2dnts lng ang mglalaro. eh bket pg bumili ka ng pe shirt, ndi naman tntngnan ung id or form5? ade pwde rng bumili kht con, useless db? 08-22028

avid fan op ako. cnu p0 ung artist ni aling minda? ang galing nya.. idol ko sya tska si kuya nico :D -sarah, pampanga highschool

hannah chan's article in child's play was simply remarkable. 06-36716

Ano ito? Bkt bglang nagkroon ng fun page ang kule? At may prizes pa! kaloka 2 d nth level! 03-15004 ros

NEXT WEEK'S QUESTIONS

1. Payag ka ba sa live coverage ng trial ng Ampatuan Massacre? Bakit?

2. Ano ang masasabi mo sa pang-ookray ni Osang sa mga teacher sa TV?

Tungo sa Tagumpay

Sa pagputok ng dekada 70, kasabay ng guitar solo ng Led Zepellin at pagpasok ng ilegal na marijuana sa buong Asya mula sa Afghanistan, ay pagputok ng isang rali ng kabataan sa isang tipikal na araw sa Paco Maynila, sa paligid ng Malacañang, Panawagang bitbit— itigil ang giyera sa Vietnam, itigil ang korapsyon, tanggalin ang impluwensya ng Imperyalistang Estados Unidos sa Pilipinas, isulong ang Digmang Bayan. Natapos ang protesta sa pagkakakulong at pagkakabugbog ng mga militante. Saksi ang mga kapitbahay ng Malacañang, kaya hindi malayo na sumama sila sa mga sumunod na protesta sa dumating na mga araw. Ang nagsimula sa maliit na protesta ay natapos sa pagdagundong ng libong mamamayan. Ang banta ng bawat araw: babalik kami, may dalang bato.

Ito ang pilosopiya ng mga katagang mula maliit, papalaki; batas ng

kalikasan na hanggang ngayon ay sinusunod ng kilusan. Isang aksyon sa Malacañang na hanggang sa ngayon ay ginagampanan. Lumipas ang mga dekada. Sumikat na si Sharon Cuneta at ang dekada 70 ay naisapelikula na. Ang pag-atras at pag-abante ng natatanging militanteng kilusan ay nesubukan. Tuloy ang dakilang hamon sa mga kabataan na gampanan ang dakilang papel nila sa kasaysayan. Higit pa sa mga sariwang ideya, higit pa sa pagsisimula at pagpapatuloy sa pagpapalapat sa hanay ng kabataan upang gampanan ang papel sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon. Nanatili ang pananawagan ng pananatili.

Ang pagbabago ng itsura at detalye ng tatlong pangunahing problema sa Pilipinas—Imperyalismo, Burukrata Kapitalismo, Pyudalismo—ay hindi kaso upang sabihin na ang mga panawagan ay paulit-ulit, nakakasawa at gasgas. Ito ang



We welcome questions, constructive criticism, opinions, stands on relevant issues, and other reactions. Letters may be edited for brevity or clarity. Due to space constraints, letters must have only 400 words or less. Send the letters to kule0910@gmail.com.

riyalidad na paulit-ulit din namang kinakaharap ng mamamayan.

Mula sa sahod ng manggagawa, lupa para sa dugo't pawis ng mag-sasaka, disentang kinabukasan para sa kabataan at pambansang industriyalisasyon, binaybay at patuloy na binabaybay ng mga kabataan—kasama ang iba pang sektor sa lipunan—ang mga hamon at pakikihamon upang makamit ang pinakamataas na panawagan. Kaya't sa huli, hindi kupot ang simpleng poster ng panawagan ng "Rollback the Tuition" at "US Troops, Out Now!". Ambag ang maliit na aksyon at ambag ang malalaking pagkilos sa pagsalubong sa mga problema na kinakaharap ng mamamayan.

Noong Agosto ng nakaraang

taon, muling binuhay ng kabataan ang mga yabag ng paa patungong Malacañang. Ang mga boses ng protesta at ang sigaw ng mga panawagan. Ganun pa rin naman ang estado. Nagbago lang ang itsura ng parehong mukha ng pasismo. Ang mga aral ng Kabataang militante ay hindi nanibago habang ang bulok na rehimen ay nagulat sa panawagan ng pagbabago.

Sa ganitong antas, hindi putok sa buho ang mga kabataang lumalahok sa kilusan. Sila ay katabi sa upuan, sa loob ng mga klasrum, kakiskisang braso sa loob ng jeepney, kasabay sa pila sa pagbabayad ng matrikula. Kinakaisa at pinag-iisa ang kabataang estudyante sa mga usapin at demokratikong karapatan na dapat nating makamit. Ang League of Filipino Students, kasama ang iba't ibang estudyante at buong hanay ng laksang mamamayan ay humahamon sa panahon at paggampan ng papel sa kasaysayan.

Hindi usong awit ang rebolusyon. Hindi sikat na artista ang mga nakikibaka. Ang plakard ay hindi paroo't parito. Kaya ang Pambansang Demokratikong Kilusan ay patuloy na nananatili at hinaharap ang katotohanan ng kontradiksiyon.

LEAGUE OF FILIPINO STUDENTS Ang LFS ay miyembro ng Kabataan Partylist

na hindi sang-ayon sa pagtakbo ni Gloria Arroyo bilang kongresista ng ikalawang distrito ng probinsya, ayon sa IBON Foundation: **halos 86 porsyento**

Buwang nalalabi sa termino ni Arroyo: **kulang sa limang buwan**
Bahagdan ng Pilipinong hindi kurento sa pamamalakad ni Arroyo sa bansa, ayon sa Social Weather Stations: **mahigit 60 porsyento**

Nakaambang budget deficit na ipapasa ng administrasyong Arroyo sa susunod na administrasyon: **P300 bilyon**

Biktima
Bilang ng biktima ng pampulitikal na pamamaslang kaugnay ng paparating na eleksyon: **mahigit 60, kabilang ang 57 na napaslang sa Maguindanao**

Bilang ng kasong pagpatay na isinampa kay Datu Unsay Mayor Anda Ampatuan Jr., na sinasabing pasimuno sa pamamaslang sa Maguindanao noong Nobyembre 23: **41**
Bilang ng kasong isinampa kay Ampatuan kung saan nahatulan siyang may sala: **wala**

Bilang ng bayan at siyudad na ideneklara ng Comelec bilang election hot-spot o mga lugar na kilala sa "intense political rivalry" o pamamalagi ng mga "terror groups": **558**

Bilang ng bayan at siyudad na ideneklarang election hot-spot na nasa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM): **118**

Bilang ng private armies na kasalukuyang nagseserbisyo sa iba't ibang bahagi ng bansa, ayon sa Philippine National Police (PNP): **170**

Bilang ng private armies na nakabase



Get free publicity!
Email us your press releases, invitations, etc. DON'T TYPE IN ALL CAPS and, go easy on... the punctuation! Complete sentences only. Don't use txt language pls. Please provide a short title. Be concise, 100 words maximum.

IBON YEAREND BIRDTALK

Thursday/ January 14, 2010/ 1-5 pm/ UP Balay Internasyunal (formerly Balay Kalinaw)

The IBON Birdtalk is a semi-annual on economic and political assessments and trends. It presents alternative information on the current economic and political situation as well as analysis from the people's point of view.

There will be a registration fee of P150 to cover expenses for food and briefing proper. For more details, please visit <http://info.ibon.org/>.

UP HARING IBON SIGN UP WEEK

Birdwatching | Exposure Trips | Likhalikasan Contest | Environmental Workshops | Community Lecture Series | Cleanup Climbs and Fun Climbs | Environmental Film Festival | Basics of the Environment | Grand Clean UP! | Wall News | EcoTriv Quiz Bee | Hunt Newsletter

Do all these and more! Join us in UP Haring Ibon as we celebrate our 22nd year of advocating for the environment!

Sign up booth: AS Walk | Jan 12 - 15 2010
Applicants' Orientation: UP Haring Ibon Tambayan | Jan 15 2010
Contact Daniela for details +639273817097 or visit <http://up-haringibon.wordpress.com/>.

sa ARMM: **25**

Bilang ng pulis na mag-iinspeksyon sa mga checkpoint upang ipatupad ang 5-month election gun ban: **mahigit 50,000**

Tinatayang bilang ng mga taong kasalukuyang nagtratrabaho sa mga private army, ayon kay Defense Secretary Norberto Gonzales: **mahigit 10,000**

Kabuuang bilang ng mga rehistradong baril at firearms sa bansa, ayon sa PNP: **1.2 milyon**

Kabuuang bilang ng mga hindi rehistradong baril at firearms na maaaring nasa kamay ng mga "terror groups" at mga private army, ayon sa PNP: **mahigit isang milyon**

Bilang ng mga taong nahulihan ng baril matapos ipatupad ang election gun ban noong Enero 10: **71**

Sanggunian: Commission on Elections, National Statistics Office, Commission on Filipinos Overseas, kabataanpartylist.com, IBON Foundation, Social Weather Stations, gmanews.tv, abs-cbnnews.com, inquirer.net, philstar.com, manilatimes.net, ibanangayon.ph, sunstar.com, congress.gov.ph

PAKULO



Clark Kent

l-match ang logo ng superhero sa kanilang alter-ego. Ipaasa ang inyong mga sagot sa rm.401 ng Vinzons hall. May premyo ang pang-20 na magpapasa. Sagot na!

Narda

Magno Meneses

Peter Parker

Bino Bayani

Bruce Wayne

Steve Rogers

Diana Prince

Wally West

Enteng

Sumatotal... mula pg 4

(COC) para sa pagkapangulo: **99**
Bilang ng nagpasa ng COC para sa pagkabise-presidente: **20**
Bilang ng COC sa pagkapangulo at pagkabise-presidente na inaprubahan ng Comelec: **tig-walo**
Bilang ng nagpasa ng COC para sa pagkasenador: **158**
Bilang ng inaprubahang COC para sa pagkasenador: **58**

Kasalukuyang bilang ng mga party list group na nakaupo sa Kamara: **35**
Bilang ng party list group na naghain ng petisyon upang makalahok sa halalan: **306**

Bilang ng party list group na papayagang lumahok sa halalan, sa pagtaya ng Comelec: **hanggang 100**

Kabuuang bilang ng mga kinatawan sa Kamara: **265**
Kasalukuyang bilang ng mga party list representative sa Kamara: **49**
Kasalukuyang bilang ng mga kinatawag pandistrito: **216**

Bilang ng posisyong bukas sa Kamara para sa mga kinatawag pandistrito sa darating na halalan: **222**

Bilang ng mga kongresistang nasa ikatlo at huling termino na at hindi na maaaring tumakbo pa bilang kinatawan ngayong halalan: **67**

Bilang ng mga kongresista na nasa una at ikalawang termino pa lamang at maaari pang tumakbo ngayong halalan: **193**

Halagang mula sa pork barrel na ginasta ni Arroyo para sa mga infrastructure project sa ikalawang distrito ng Pampanga noong 2009: **P459 milyon**
Bahagdan ng mga taga-Pampanga



EKSENANG
PEYUPS

Global Warming Edition

Wafaz naman sa kainitan! Tumatagaktak ang pawis ng lola nyo sa ka-lelegwork. Isipin nyo na lang kung anong legworks ginawa ko! Char-otekeliz! Feel na feel ko na ang summer kahit happy new year pa lang naman. Effects nga naman ng global warming.

Pero mas ramdam ang effects ng global warming sa Kolehiyo ng Artemechu at Libog. Winner naman ang inclination sa arts ng mga tao sa kolehiyong ito. Dalawang lovers in Paris ang namataang tila nag-eethnic dance sa ilalim ni Mother Magdangal habang katirikan ng araw. BUT NO! Napag-alamang hindi pala ethnic dance ang ginagawa ng dalawa kundi panibagong ethnic group ang nais achibin ng mga ito! Mukang nahiya ang hubad na katawan ni Mother at tuluyang nawalan ng dangal. Pakitaan ba naman kami ng bagong style. Chumechenelyn ang dalawa nang nakadamit! Fatale. Chumenelyn with clothes on! Kermi mo yun? Kamon mamon!

Pero mas may mainit pang kaganapan bukod diyan sa experimental play ng mga feeling lovers in Paris. Kumusta naman ang experimental power-play ng ibang tao sa Quickie Hall? Mag-iinit ka nga naman talaga kapag nalaman mo!

Akalain mo ba namang tsugiin ni madam ang hinirang ng pisara (clue: isalin) at ipalit ang gusto niya overruling everyone else. So powerful! Katakot! Like the emperor of an empire. You know like that. I'm so scared.

But wait a minute! Akala ko ba powerful siya? E bakit biglang parang tutang nabahag ang buntot ni mother? Hugas-kamay ba namang sundin ang desisyon ng isang department e alam niyang mali nga. Natakot ba siya sa mga magpapabagsak ng kanyang empire? Wafaz talaga! Try kaya nating buhusan siya ng tubig nang mahugasan buong katawan. Baka matauhan. At mabawasan ang init na dala ng global warming. Wacha think? I think so. I know right.

Pagkatapos ng maiinit na pangyayari...
(Habang nagpapalamig at naglalakad ang lola nyo isang gabing tahimik at madilim kasama ang isang bakla at isang tibong Kulutera...)

TIBO: If I can't have the best, I will settle for nothing.

BAKLA: You can't have the best... because you can't.

Ay! Winner ka bakla! Ayan. Wag na kasing magmaganda ateng when you can't. Like saying "Eewwww" to Charing Banyo. Chaka ate ha! Sige hanggang dito na lang. So long assholes.

Pagkatapos ang mahabang paghihintay, magkakaroon na muli ng

PHILIPPINE COLLEGIAN LITERARY FOLIO

Tumatanggap kami ng mga tula, kwento, sanaysay, komiks at litrato hanggang huling araw ng Marso 2010.

Dalhin lang ang mga obra maestra sa 4th floor ng Vinzons Hall, room 401 at ipagbigay alam na ika'y writer/ photographer/ artist ng di-masukat na kagalingan.

Para sa mga tanong, mag-email lamang sa kule0910@gmail.com.

No way but UP EPILOGUE

"Walang hinihintay ang panahon."

Ikaw ang nagsabi sa akin nito. Matagal na 'yon, noong una pa lang tayong nagkakilala.

Naaalala mo ba?

Nagbabago ang lahat ng bagay. Hindi natin ito mapigligian, pero laging magabayaan. Kailangan nating umasa na ang bawat pagbabago ay para sa mabuti.

Kung hindi mabuti ang kinalalabasan, hindi ito pagbabago kundi pagpapabaya.

Ikaw rin, Mando, nagbago ka.

Tahimik ka dati. Palaisip. Kahit sa pagtingin mo sa ibang tao, sa mga nangyayari sa paligid mo, simple ka lang pero hindi ka nadadala sa biglang tingin.

Iyon ang nagustuhan ko sa'yo.

Ganoon ka pa rin naman ngayon, pero nag-iba na ang lalim ng katahimikan mo.

Dati, para bang may hinahanap ka tuwing napapadpad ang mga mata mo sa kung saan-saan. Ngayon, palwas ka tumitig.

Para kang may tinataguan...

Lahat naman tayo, nagbabago...

Marahil nagbago na rin ang pagtingin ko sayo.

Nagbabago ang lahat, pero hindi ako naging pabaya. Sana ikaw rin.

Sadya lang nagbago ang lahat dahil walang hinihintay ang panahon.

Kailangan nating umasad kung ayaw nating malwan.

Wala akong pinagsisisihan

Nagbago rin ako at patuloy akong magbabago dahil ganito ang hinihingi sa atin ng panahon at pagkakataon.

Saan man tayo dalhin ng ating mga pagbabago, sana sa ikabubuti ito.


Tanda ng hindi paglimot, Marz.

Wakas.

SIPAT

Abot-tanaw
PNR train

Airnel T. Abarra



Jano Gonzales & Nico Villarete

EDITORIAL

DEAD-END

The year 2010 is a deadline for Gloria Macapagal-Arroyo.

Her presidency has been marked by the escalation of chronic political and economic crises. Indeed, the final chapters of her term include the massacre of nearly 60 people in Maguindanao by Arroyo's longtime political allies, and the much-criticized declaration that she will run again for a political post in 2010 — scenarios which were unimaginable a mere decade ago, before Arroyo came into power.

Her policies, too, have been less than effective. On the economic front, Filipinos have seen the price of oil and other basic commodities skyrocketing, while wages remain suppressed at a bare minimum. And still Arroyo continues to deregulate the private sector and encourage the privatization of social services. She has also imposed heavy taxes, and pushed for laws that place local industries at a disadvantage, under the guise of "encouraging foreign investments."

Certainly, crippled by these actions, our economy was ill-prepared for the global financial crisis of 2008. Amid rising joblessness and poverty rates, the year 2010 opens with bleak prospects — for clearly, despite claims to the contrary, the global capitalist economy is far from recovery.

Only one percent of the global population has benefited from last year's economic growth,

while global credit firms are rendered unstable by the increasing disparity between workers' wages and inflation rates.

A credit card crash in the US is also looming, possibly causing the same global fiasco dealt by the housing bubble two years ago. This bodes ill once more for the economically-backward Philippines, which has yet to recover from the blow of the previous crisis.

On the field of politics, the Arroyo regime has long lost its credibility and legitimate rule. Since the accusations of electoral fraud in 2004, Arroyo has been involved in numerous scandals and anomalies, such as the fertilizer fund scam in 2005 and the more recent NBN-ZTE deal.

Now, with the upcoming elections and the purported changing of political figureheads, the chronic political crisis in the country is expected to intensify this year.

Clearly, Arroyo's plans are centered on escaping all possible legal raps already waiting to be lodged against her, for she would lose all immunity once her term lapses.

Perhaps the most blatant of Arroyo's tactics is her participation in the upcoming elections, this time as congressional representative of the 2nd district of Pampanga. She has quietly laid out her plans months prior to her bid, when she regularly showed up in the district no less than 50 times. Then, despite her earlier denial, Arroyo filed her certificate of candidacy just

before the deadline.

Arroyo's more clandestine motives may be revealed with the latest clamor for yet another ploy to amend the constitution. While Arroyo may not be the first president to pursue charter change, she has had the most attempts.

And, if coupled with the recent attempts of her allies to amend the constitution, it is easy to discern Arroyo's true plans: should charter change push through in the next term, and she wins her congressional bid, she is in the perfect position to be appointed as the country's first prime minister.

Arroyo's intentions to stay in power via elections are well-formed. Yet beyond these, the implementation of poll automations and the recent violence in Maguindanao cast light on the possibility of a failure of elections, and even a no-elections scenario. With such conditions, Arroyo clearly has several alternatives to pursue her objectives other than participating in the elections.

Arroyo's crime to the people is even more apparent as her record on human rights violations (HRVs) proves the culture of impunity fostered by her regime. Indeed, with more than 1,000 HRVs under her belt, state terrorism is clearly engraved on her term, with the slaughter of 64 people in Maguindanao on November 23 as one of the most gruesome manifestations. Allegedly perpetrated by Arroyo's warlord allies, the Ampatuans, the

said carnage has exposed the Arroyo regime as despotic, particularly with its unprecedented violence towards the Filipino people.

As early as now, concerns have arisen about increasing electoral violence, and the presence of private armies serving political oligarchs nationwide — conditions which have long existed in the country. Should this continue, it will be easy for Arroyo to claim that election-related violence has reached an alarming rate, thus requiring drastic measures, such as emergency or military rule.

The military has always played an important part in Philippine politics and elections, and during Arroyo's regime, she has kept their loyalty by granting favors and positions of power to its top members.

Arroyo's plans are clear. Despite the odds, she has played her hands well, and she could escape all her crimes unscathed.

But she has not counted on one thing: the people's raging discontent, and the intensifying calls for her ouster. The people are now placed in a decisive position. Beyond elections, beyond casting votes, we are challenged to uphold the democratic rights this regime has shamelessly trampled on.

Indeed, after a decade in power, Arroyo has reached a dead-end. The people will not allow her regime to continue. Her tyranny must end. □